| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | EPP |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | OCTOBER 28 - 31, 2024 (WEEK 5) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pang-unawa sa natural na pamamaraan nang pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, pag aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, gulay at punong prutas. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang natural na pamamaraan nang pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, at pag-aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, halamanag-gulay, at punong-prutas. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>● Naisasagawa ang pagtatanim ng piniling halaman sa natural na pamamaraan nang may pag-iingat<br>**Mga Layunin**<br>1. Natutukoy ang kaibahan ng halamang ornamental, halamang-gulay at punong prutas<br>2. Natutukoy ang mga halimbawa ng halamang ornamental, halamang-gulay, at punong-prutas na matatagpuan sa komunidad. |
| **D. Nilalaman** | Pagpili ng mga halamang maaaring itanim na matatagpuan sa komunidad gaya ng halamang ornamental, halamang-gulay, at punong-prutas |
| **E. Integrasyon** | **SDG 3:** Gender Equality<br>**SDG 12:** Responsible Consumption and Production<br>**SDG 13:** Climate Action<br>**SDG 15:** Life on Land |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Ang Magsasakang Reporter. (2022, February 27). *TIPS SA PAGTATANIM NG MANGGA MULA SA BUTO AT SANGA PARA MAGKAROON NG MATAMIS AT HITIK NA BUNGA* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=ZOdZK-KUJgU

Don Bustamante Rooftop Gardening. (2021, December 24). *STEP BY STEP SA PAGTATANIM NG SILI AT KAMATIS SA BOTE NG COKE* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=ztwhVbobVAU

Eldon Acain. (2020, October 29). *Paano magtanim ng bougainvillea plant* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=8TbpAy_FDvw

Lee, E.G.L (2019). *Masiglang Pamumuhay para sa Kinabukasan*. Phoenix Publishing House, Inc. Quezon City, Philippines.

Retuta, E. E. (2020). Modyul 1: Kasanayan at Kaalaman sa Pagtatanim ng Halamang Ornamental. Kagawaran ng Edukasyon – Schools Division of Bataan Balanga City, Bataan.

WORK FROM FARM PH. (2022, October 23). *PAANO MAGTANIM NG KAMATIS? (300 TOMATOES SEEDLINGS!)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=GEp2MzED_jE


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>1. Maikling Balik-aral<br>Tumpakners: Kumuha ng magkapareha na sasagot sa ibibigay na tanong. Kung sino ang magkapareha na sabay na maibiibigay ang tamang sagot pagkatapos magbilang ng tatlo ay sila ang may puntos.<br>1. Ito ay proseso ng pag-aayos o paghahanda ng lupa sa pamamagitan ng pagbukas, pag-angat, paggawa ng pagtataniman.<br>2. Ito ay natural o komersyal na karaniwang nilalagay sa lupa para madagdagan ang sustansiya ng lupa.<br>3. Ito ang nagbibigay ng suporta sa mga gumagapang na mga pananim.<br>4. Ito ay proseso ng pagpapanatili ng halumigmig ng halaman upang hindi sila matuyo.<br>5. Ito ay ang paglalagay ng pesticides sa mga halaman upang mabawasan ang mga peste sa taniman.<br><br>2. Pidbak (Opsiyonal)</td><td>Ibigay ang tanong upang balikan ang nakaraang aralin sa pangangalaga ng mga pananim. Maaaring gumamit ng stratehiya ang guro sa pagbabalik-aral gaya ng.<br>Tumpakners.<br><br>Sagot: 1)Pagbubukangkal 2) abono, 3) Trellis/Baklad 4) Pagpapatubig 5) Pagpuksa ng mga peste<br><br>Maaaring magdagdag ng aytem sa gawaing ito.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Kilalanin Natin:** Tukuyin ang mga sumusunod ng mga halaman bilang ornamental, gulay o punong-prutas.<br><br>*1.* Rosal<br>2. Papaya<br>3. Mangosteen<br>4. Santol<br>5. Patola<br>6. *Monstera*<br>7. Bayabas<br>8. Gabi<br>9. Okra<br>10. Repolyo | Ibigay ang gawaing ito upang mailahad ang aralin. Maaaring gumamit ng estratehiya ang gawaing ito gaya ng larong Pinoy Henyo, Quizziz, Kahoot, at iba pa.<br><br>Mga sagot: 1) ornamental 2) Punong-prutas/gulay 3) Punong-prutas 4) Punong- |
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>● **Halamang Ornamental** ay mga halaman na namumulaklak o hindi na karaniwang ginagawang dekorasyon sa loob ng bahay o ginagamit sa *landscape gardening.*<br>● **Halamang-gulay** ay mga halaman na karaniwang iniuulam o isinasahog sa ating ulam.<br>● **Punong-prutas** ay mga halaman na karaniwang mamumunga na siyang nagiging prutas at nagbibigay sustansiya sa ating katawan. Kadalasang ginagawa itong panghimagas. | prutas 5) gulay 6) ornamental 7) punong-prutas 8) gulay 9) gulay 10) gulay<br><br>Maaaring lapatan ng stratehiya sa paglalahad ng bokabolaryo. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Pagtatanim ng Halamang-Ornamental, Halamang-gulay, at Punong-prutas**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Benchmarking:** Panoorin ang mga sumusunod ng *video clips*. Itala ang mga iba't ibang hakbang sa pagtatanim ng bougainvillea, sili at kamatas, at punong-prutas. Sagutin ang mga sumusunod na gabay na tanong.<br><br>**Pagtatanim ng Bougainvillea** | Magkakaroon ng pag- *benchmark* kung paano magtanim ng piling mga halaman. I-*download* ang mga videos at gawin itong mga materyales sa paglalahad ng aralin.<br><br>Siguraduhing ibigay ang mga katanungan upang magsisilbing gabay ng mga mag-aaral sa talakayan.<br><br>Maaaring maghanap ng ibang mas maikling *videos* na mahahanap. |

| | | |
|---|---|---|
| | [https://www.youtube.com/watch?v=8TbpAy_FDvw](https://www.youtube.com/watch?v=8TbpAy_FDvw)<br><br>**Pagtatanim ng Kamatis sa Maluwang na Lupa**<br>[https://www.youtube.com/watch?v=GEp2MzED_jE](https://www.youtube.com/watch?v=GEp2MzED_jE) | |

**Pagtatanim ng Kamatis at Sili sa *Recycled Container***




https://www.youtube.com/watch?v=ztwhVbobVAU

**Pagtatanim ng Mangga**



https://www.youtube.com/watch?v=ZOdZK-KUJgU

**Gabay na Tanong:**

1. Ano-ano ang mga hakbang sa pagtatanim ng bougainvillea? Kamatis at sili? Mangga?
2. Ano-ano ang mga dapat tandaan sa pagtatanim ng mga nasabing mga halaman?

**IKALAWANG ARAW**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Manood at Matuto:** Magkakaroon ng demonstrasyon ang guro sa pagtatanim ng mga halaman. Ang mga mag-aaral ay dapat makinig nang mabuti at magtatala para maghanda sa balik-demonstrasyon o *return demonstration.*

***Reading Resources***

Ang halamang ornamental ay kadalasang nakikita nating pangdekorasyon sa ating tahanan dahil sa mga matitingkad na kulay ng kanilang mga bulaklak o magaganda nilang mga dahon. Ilan sa kanila ay mga halamang-dahon, halamang- namumulaklak, halamang palumpon, at halamang baging.


Ipakita kung paano ang magtanim ng halamang ornamental, gulay, at punong- prutas. Maaaring gumamit ng iba pang mga halaman na nakahanda sa inyong bakuran. Alalahanin na habang nasa demonstrasyon ay dapat tinatalakay pa rin ang mga hakbang sa pagtatanim lalo na ang mga dapat tandaan sa pagtatanim upang makaiwas ng anumang disgrasya.

| | | |
|---|---|---|
| | Ilan sa mga ito ay ilang-ilang, dita, banaba, mayana, morning, glory, sampaguita, San Francisco, santan, lemon grass, lotus, water lily, gumamela, bougainvillea, cactus.<br><br>Ang mga halamang gulay ay kadalasang nating inuulam o isinasahog sa ating ulam. Maaari ito ay dahong-gulay, bulaklak na gulay, bungang-gulay, at halamang-ugat. Ang ilang halimbawa ng dahong-gulay ay alugbati, kangkong, ampalaya,kulitis, pako, malunggay. Ang mga bulaklak na gulay naman ay kalabasa, himbabao, katuray, latok. Ang mga bungang-gulay naman ay kalabasa, patola, upo, talong, ampalaya, sili, okra, malunggay, kamatis. Ang mga halamang-ugat naman ay bawang, sibuyas, luya, gabi, at iba pa.<br><br>Ang punong-prutas ay kadalasang lumalaki, namumulaklak at namumunga. Ang bunga nito ay kadalasang nagbibigay sa atin ng pagkain. Ang ilan sa mga ito ay santol, mangga, tsiko, rambutan, lansones, durian, langka, abokado at duhat.<br><br>**Narito ang pangkalahatang hakbang sa pagtatanim ng halaman**<br><br>1. Suriing mabuti ang uri ng halaman na itatanim o patutubuin.<br>2. Alamin ang tamang pamamaraan ng pagpapatubo ng piniling halaman. Maaaring sekswal na pamamaraan o asekswal na pamamaraan o kaya naman ito ay tuwiran o di-tuwiran. Ginagawa ito upang matiyak at siguradong mabubuhay ang bawat itatanim.<br>*3.* Ihanda ang kagamitan sa pagpapatubo o pagtatanim ng halaman. *Paalala: Gamiting mabuti ang mga kagamitan upang makaiwas sa disgrasya.*<br>4. Suriing mabuti kung ang angkop ang lupa sa pagtatamnan ng halaman.<br>*5.* Ilagay ang buto o bahagi na halaman na itatanim sa paso. *Paalala: Alalahanin tamang lalim ng buto na itatanim gayundin ang bahagi na halaman na ibabaon.*<br>6. Dagdagan ng halumigmig ang paso kung kinakailangan sa pamamagitan ng pagwisik ng tamang dami ng tubig.<br>7. Ilagay ito sa ligtas na lugar na hindi kayang abutin ng alagang hayop.<br>8. Panatilihin ang halumigmig ng halaman hanggang sa ito ay maaari nang ilipat- tanim.<br>9. Kung ang halaman ay nakahanda nang ilipat-tanim, gumawa ng hukay kung saan ilalagay ang halaman. Siguraduhing tama ang lalim nito depende sa uri ng halaman. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 10. Diligan ito pagkatapos ilipat-tanim.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Halina't Magtanim:** Isasagawa ng mga mag-aaral ang pagtatanim. Ilalapat nila ang kanilang mga natutunan mula sa *benchmarking* at demonstrasyon ng guro. **(Tingnan ang sagutang papel bilang 1.)**<br><br>**Panuto:**<br>1. Bumuo ng 3-4 na miyembro kada grupo.<br>*2.* Ihanda ang mga kagamitan para sa pagtatanim.<br>3. Isagawa ang wastong hakbang ng pagtatanim.<br>4. Gamitin ang *score card* para maging gabay sa gawaing ito. | Ang gawaing ito ay nakadesinyo sa pagtatanim sa paso. Ito ay isang pamamaraan upang mas lalo silang magkaroon ng kasanayan sa pagtatanim bago sila magtanim sa mas maluwang na bakuran.<br><br>Bigyan ng kalayaang mamili ang mga mag-aaral ng kagrupo at ng kanilang itatanim pero siguraduhing ang buong klase ay nakapagtatanim ng ornamental, gulay, at punong- prutas. Tiyaking handa lahat ng mga kagamitan bago simulan ang gawain. Ipaalala ang mga dapat tandaan sa pagtatanim.<br><br>Alalahanin na alalayan sila habang silang nagsasagawa ng pagtatanim. Tanungin ang mga mag-aaral habang isinasaga ang gawaing ito upang matiyak kung may sapat na silang kasanayan sa aralin.<br><br>Maaaring gamitin ang generic score card na gabay sa pagsusuri ng kasanayan ng mga mag-aaral.<br>Gawing 20/25 |

| Pamantayan | Tsek | Ekis |
|---|---|---|
| Naihanda ang lahat ng mga kagamitan para sa gawain. | | |
| Naisagawa nang tama at maayos paglalagay ng lupa sa paso. | | |
| Naisagawa nang tama at maayos ang pagtatanim ng buto o bahagi ng halaman. | | |
| Naisagawa nang maayos at tama ang pagdidilig na itinanim. | | |
| Isinaalang-alang ang mga dapat tandaan sa pagtatanim sa napiling halaman. | | |
| Nagamit nang tama at maayos ang mga kagamitan. | | |
| Napanatiling maayos at malinis ang lugar kung saan nagtanim. | | |
| Nasagot ang mga tanong kaugnay sa pagtatanim sa napiling halaman. | | |
| **Kabuuan** | | |
| **Tala para sa mga Mag-aaral:** | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | puntos ang kabuuan ng gawaing ito. |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Tanong-Tugon:**<br>1. Bakit kailangan nating malaman ang pagkakaiba ng ornamental na halaman, halamang-gulay, at punong-prutas?<br>2. Anu-ano ang mga kahalagahang dulot ng mga pagtatanim ng ornamental, halamang-gulay, at punong-prutas?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br> | Ibigay ang mga tanong bilang isang gawaing paglalahat.<br><br>Alalahanin na bigyang-diin sa talakayan ang UN SDG 3, 12, 13, at 15.<br><br>Ibigay ang *reflection log* sa mga mag-aaral upang malaman ang natutuna at gusto pang matutunan ng mga mag-aaral, malalaman ang mga estratehiya na kakapanabikang gawin nila, at higit sa lahat ang repleksyon nila sa aralin. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Kilalanin Natin:** Tukuyin ang mga sumusunod na halaman kung ito ay ornamental, halamang-gulay o punong prutas. Ilagay ang iyong sagot bago ang patlang. | **Sagot:**<br>1. Halamang-ornamental<br>2. Halamang-gulay |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
__________1. Dita<br>
__________2. Latok<br>
__________3. Aloe vera<br>
__________4. Sitaw<br>
__________5. Sigarilyas<br>
__________6. Mansanilya<br>
__________7. Rambutan<br>
__________8. Marang<br>
__________9. Mayana<br>
__________10. Saluyot<br>
<br>
2. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin (Opsiyonal)
</td>
<td>
3. Halamang-ornamental<br>
4. Halamang-gulay<br>
5. Halamang-gulay<br>
6. Halamang-ornamental<br>
7. Punong-prutas<br>
8. Punong-prutas<br>
9. Halamang-ornamental<br>
10. Halamang-gulay
</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo.<br>Dito ididokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>
Gabay sa Pagninilay:
<ul>
<li><u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</li>
<li><u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</li>
<li><u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</li>
</ul>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>